

# S&T SA PRODUKSYON NG DEKALIDAD NA KAWAYAN KATUWANG ANG KOMUNIDAD

## PANIMULA

Sa mga pangunahing produkto sa Rehiyon Uno ay kawayan o ang tinatawag na kawayang tinik (*Bambusa blumeana* Shultes). Nagkakaroon ng interes ang mga tao sa kawayan dahil sa mga kagamitang maaring magawa mula rito. Ang industriya ng kawayan sa Ilocos, bagamat itunuturing na tradisyonal, ay patuloy na lumalago at nagbibigay ng pagkakakitaan sa mga magsasakang nagpapatubo ng kawayan. Ang mga pangakong nailahad sa iba't ibang pag-aaral sa pang-ekonomikong kahalagahan ay isang mahalagang hakbang upang maitaas ang estado ng pamumuhay ng mga magsasaka. Sa pamamagitan ng pagtulong gamit ang siyentipiko at teknolohiyang pamamaraan ng pagpapatubo ng dekalidad na uri ng kawayan at mga produktong mula rito ay mapapalawig ang kanilang kakayahan upang makapagtatag ng sariling nilang merkado ng kawayan.

## LAYUNIN

Ang proyektong ito ay naglalayong palawigin ang produksyon at komersalisasyon ng dekalidad na kawayan para sa iba't ibang kliyente at gawing produktibo ang mga tirang kawayan na di na napapakinabangan.

## PAMAMARAAN

### Paunang Implementasyon/ Pagpapatupad

1. Pagpili at pagtatag ng lugar para sa proyekto.
2. Pagsasanib ng balankas para sa inobasyon.
3. Pagbuo ng grupo o klaster ng mga magsasaka.

### Implementasyon/ Pagpapatupad

1. Pagtatag ng bagong plantasyon at pagbabagong-tatag ng mga kasalukuyang mga kawayanan sa tulong sa siyentipikong pamamaraan.
2. Paggawa ng kasunduan sa pagitan ng mga magsasaka at negosyante ng kawayan.
3. Pagpapalawig ng kakayahan ng mga magsasaka ng kawayan.
4. Pagtutugma ng merkado.

## MGA NAGAWA

- ☺ Nakapagtatag ng 51 na grupo ng mga magsasaka na binubuo ng 292 magsasaka mula sa labin limang munisipyo ng Ilocos Norte.
- ☺ Nakapaglinis ng 2,380 na kumpol ng Kawayan (likas at may edad na mahigit 30 taon).
- ☺ Nakapagtatag ng 13.5 ektaryang plantasyon ng Kawayan.
- ☺ Nakapagsanay ng 292 na magsasaka ng Kawayan ukol sa iba't ibang teknolohiya ng Kawayan.
- ☺ Nakapagparami ng mga kagamitang pang-impormasyon, pang-edukasyon at pang-kumunikasyon ng mga teknolohiya ukol sa Kawayan.
- ☺ Nakapagtala ng dalawang beses na "Farmer's Field Day" hanggang matapos ang proyekto.

## RESULTA NG PROYEKTO



## KONKLUSYON

1. Ang mga teknolohiyang nabuo ng MMSU patungkol sa kawayan ay napapabuti ang kalidad ng napagkukunang kawayan at gumaganda ang produksyon ng mga patubong kawayan.
2. Nagkakaroon ng karagdagang kita ang mga magsasaka dahil sa produksyon ng magandang klase ng kawayan.
3. Ang pagkakaroon ng pagsasanay ay nakakatulong para maiangat ang kaalaman ng mga magsasaka ng kawayan.



**CBBatin, SCMalab, JAZafaralla and JPFelipe**  
Mariano Marcos State University  
City of Batac, 2906, Ilocos Norte

